


**Pangalan:** ______________________________________________

| **Aralin 4** | **PAMPAMILYANG PAGKAKABUKLOD** |
|---|---|

**I. PAKSA: PAMPAMILYANG PAGKAKABUKLOD**

**II. LAYUNIN**: Nakikilala ang mga gawaing nagpapakita ng pagkakabuklod ng pamilya

**III. NILALAMAN:**

**Tungkol saan ang aralin na ito?**

Ang aralin na ito ay tungkol sa iba't ibang gawaing nagpapakita ng pagkakabuklod ng pamilya katulad ng pagsasama-sama sa pagkain, pagdarasal, pamamasyal at pagkukuwentuhan ng masasayang pangyayari.

**IV. PAMAMARAAN**

Basahin ang maikling tula:



## Pagkain ng Mag-anak

Ang mag-anak na salu-salo sa pagkain

Huwaran ng mabuting pagtingin

Paggalang sa isa't isa
Ipinadarama sa tuwina.

Tungkol saan ang maikling tula? Ano ang ipinapahiwatig nito?

LIVEWORKSHEETS

**Mga Gawain**

**Gawain 1: ( ALAMIN )**

**Panuto**: Tingnan ang bawat larawan, tukuyin kung ano-ano ang ginagawa ng bawat pamilya sa larawan.

Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.



1. **A-** Sama-sama sa pagkain



2. **B-** Pamamasyal



3. **C-** Pagdarasal



4. **D-** Pagkukwentuhan ng masasayang pangyayari

LIVEWORKSHEETS

**Gawain 2- ( ISAPUSO )**

**Panuto**: Basahin ang mga pangungusap. Lagyan ng hugis puso ( ❤ ) ang bilang na nagpapakita ng pagkakabuklod ng pamilyaat ekis ( ✕ ) kung hindi hindi.

_______1. Masayang naglalaro ang magpipinsan ng taguan sa labas ng bahay nila Mark.

_______2. Pinapakain ni Maria ang kanyang lola ng mga sariwang prutas at gulay.

_______3. Nagalit si Joseph sa kanyang kapatid dahil naubusan siya ng paborito niyang ulam.

_______4. Ipinapadama ng mag-asawang Reyes ang suporta nila kay Marie upang makatapos siya ng pag-aaral.

_______5. Hindi isinali nila Gabriel at Francis ang pinsan niya sa paglalaro ng computer games.

**Gawain 3 –( ISABUHAY)**

**Panuto:** Lagyan ng tsek(✔) ang dapat nararamdaman kapag ang mga sumusunod ay ginagawa mo kasama ang iyong pamilya.

| **Mga Gawain ng Aking Pamilya** | 🙂 | ☹ |
|---|---|---|
| 1. Sama-sama kaming kumakain ng agahan. | 🙂 | ☹ |
| 2.Hindi ako isinasama sa pamamasyal ng aking pamilya. | 🙂 | ☹ |
| 3.Sabay-sabay kaming nagdadasal tuwinggabi. | 🙂 | ☹ |
| 4.Namamasyal kami sa parke kasama ang Aking pamilya | 🙂 | ☹ |
| 5.Nagkukuwentuhan kami ng masasayang pangyayari ng aking pamilya pagkatapos ng hapunan. | 🙂 | ☹ |



LIVEWORKSHEETS

## V. Pagtataya

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✔) kung nagpapakita ng pagkabuklodng pamilya at ekis (✖) kung hindi.

_______1. Masaya ang pamilyang sama-sama sa lahat nggawain.

_______2. May pagkakabuklod-buklod ang pamilya kung palaging nag-aaway.

_______3. Hindi sabay-sabay kumain ang pamilya.

_______4. Tuwing Linggo magkasama angbuong pamilya sa pagsisimba.

_______5. Namamasyal ng sama-sama ang buong pamilya.



LIVEWORKSHEETS